Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-10 NG OKTUBRE, 1996 SA SESSION HALL NG **BAHAY PAMAHALAAN.**

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Francisco B. Grepo . . . . . . | Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo |
| Kgg. Luis A. Ferrer IV. . . . . . . | Kagawad/Asst. Majority Floor Leader |
| Kgg. Felix A. Grepo. . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Abelardo S. Parani . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo P. Satsatin. . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Danilo D. Alcaraz. . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Arturo P. Tacos. . . . . . . . | Kagawad/Minority Floor Leader |
| Kgg. Bienvenido M. Custodio . . . . | Kagawad/Majority Floor Leader |
| Kgg. Amelia P. Madrona. . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bayani B. Parin. . . . . . . . | Kagawad/ABC President |

DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Vivien L. Lujero . . . . . . . | Kagawad/SK Federation President (OB) |

KAPASIYAHAN BLG. 89-96

Iniharap sa kapulungan ang "Plantilla of Personnel" na kinapapalooban ng mga bagong nilikhang posisyon, upang pagtibayin.

SAPAGKA'T, ang Heneral Trias ay isa nang ganap na "1st Class" munisipalidad alinsunod sa isang Department Order na ipinalabas ng Department of Finance;

SAPAGKA'T, ang mga nilikhang posisyon na nakatala sa "Plantilla of Personnel" ay lubhang kailangan ng pamahalaan upang lubusang mapaglingkuran ang mamamayan ng Heneral Trias;

SAPAGKA'T, ang mga nilikhang posisyon ay kinakailangan munang maiharap sa Komisyon ng Serbisyo Sibil para ito ay malathala bago malagyan ng mga karapat-dapat sa kawani.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kagawad Bienvenido M. Custodio na pinangalawahan nina Kagawad Danilo D. Alcaraz at Kagawad Amelia P. Madrona, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang mga nilikhang posisyon na napapaloob sa "Plantilla pf Personnel" ng pamahalaang bayan ng Heneral Trias, Kabite tulad ng mga sumusunod:

OFFICE OF THE MAYOR

A. PERSONAL STAFF

1. Executive Assistant II
2. Executive Assistant I

B. SECURITY UNIT

1. Security Guard I
2. Security Guard I
3. Security Guard I
4. Security Guard I
5. Security Guard I

DANILO D. ALCARAZ
BAYANI B. PARIN
RODOLFO P. SATSATIN
AMELIA P. MADRONA
ABELARDO S. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO
FELIX A. GREPO
ARTURO P. TACOS
LUIS A. FERRER IV

C. ECONOMIC ENTERPRISES MANAGEMENT

1. Market Supervisor I
2. Meat Inspector II
3. Revenue Collection Clerk I
4. Revenue Collection Clerk I
5. Security Guard I
6. Security Guard I
7. Security Guard I

D. SPECIAL SERVICES

1. Bookbinder III
2. Clerk I
3. Clerk I

OFFICE OF THE GENERAL SERVICES

1. Municipal General Services Officer I
2. Bookbinder III
3. Mechanic I
4. Mechanic I
5. Driver I
6. Driver I
7. Driver I
8. Clerk I
9. Carpenter I

OFFICE OF THE HUMAN RESOURCE MANAGEMENT

1. Human Resource Management Assistant II

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

1. License Inspector IV
2. Bookbinder II
3. Clerk I
4. Clerk I
5. Driver I
6. Utility Worker II
7. Utility Worker II
8. Utility Worker II

OFFICE OF THE MUNICIPAL TREASURER

1. Cashier I
2. Revenue Collection Clerk I
3. Revenue Collection Clerk I
4. Revenue Collection Clerk I

OFFICE OF THE MUNICIPAL ASSESSOR

1. Local Assessment Operation Officer II

ACCOUNTING OFFICE

1. Utility Worker II

BUDGET OFFICE

1. Budgeting Assistant II

DANILO D. ALCARAZ
BAYANI B. PARIN
RODOLFO P. SATSATIN
AMELIA P. MADRONA
ABELARDO S. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO
FELIX A. GREPO
ARTURO P. TACOS
LUIS A. FERRER IV

OFFICE OF THE MUNICIPAL PLANNING & DEVELOPMENT COORDINATOR

1. Planning Officer II

OFFICE OF THE MUNICIPAL CIVIL REGISTRAR

1. Registration Officer I

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

KAPASIYAHAN BLG. 90-96

ISANG KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN KARAPATAN ANG PUNONG BAYAN NA TANGGAPIN AT LAGDAAN ANG IPINAGKAKALOOB NA DONASYON NG LUPA NI G. INOCENCIO LUMUNSAD.

SAPAGKA'T, sa kagandahang loob ni G. Inocencio Lumunsad ay nagkaloob sa pamahalaang bayan ng isang parsela ng lupa na humigit kumulang sa Isang Daan at Tatlong (103) metro kuadrado na kasalukuyang kinatitirikan ng PNP Sub-Station sa Barangay Manggahan, Heneral Trias, Kabite.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Luis A. Ferrer na pinangalawahan ng lahat, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na binibigyan karapatan ang Punong Bayan, sa ngalan ng pamahalaang bayan ng Heneral Trias na tanggapin at lagdaan ang kasulatan na nauukol sa donasyon ng lupa na ipinagkakaloob ni G. Inocencio Lumunsad.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

KAPASIYAHAN BLG. 91-96

SAPAGKA'T, ang pagkakaloob ng sahod sa mga opisyales ng barangay ay naaayon sa Local Budget Circular No. 58 na ipinalabas ng Department of Budget and Management noong Hulyo 7, 1995;

SAPAGKA'T, nararapat lamang bigyan ng kaukulang sahod ang mga namumuno sa barangay sa dahilan maselan ang ginagampanan nilang tungkulin para sa kabutihan ng kanilang mga kabarangay;

SAPAGKA'T, ang pamahalaang bayan ay nasa magandang kalalagayan pinansyal na kayang ipagkaloob sa mga pinuno ng barangay ang suweldo.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Luis A. Ferrer IV na pinangalawahan ng lahat, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na ang halagang ₱1,584,000.00 ay mailaan at isama sa Taunang Badyet ng pamahalaang bayan ng Heneral Trias bilang sahod ng mga opisyales ng 33 barangay.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

KAPASIYAHAN BLG. 92-96

ISANG KAPASIYAHAN NG KAHILINGAN SA KGG. NA SENADOR, RAUL ROCO NA MAPAGKALOOBAN NG UPUANG PAMPAARALAN (SCHOOL CHAIR) ANG MATAAS NA PAARALAN PANG-ALAALA KAY GOB. LUIS FERRER NG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE.

DANILO D. ALCARAZ
RODOLFO P. SATSATIN
BAYANI B. PARIN
ABELARDO S. PARANI
AMELIA P. MADRONA
FELIX A. GREPO
BIENVENIDO M. CUSTODIO
LUIS A. FERRER IV
ARTURO P. TACOS

SAPAGKA'T, ang Mataas ng Paaralan Pang-alaala kay Gob. Luis Ferrer ay may malaking bilang na batang mag-aaral ang nakarehistro;

SAPAGKA'T, ang nasabing Mataas na paaralan ay may tatlong (3) sangay ng paaralan na inilagay sa malalayong barangay upang ang mga magulang na nagnanasang mabigyan ng magandang kinabukasan ang mga anak ay makatipid sa malaking gastusin sa pagpapaaral;

SAPAGKA'T, ang Mataas na Paaralan Pang-alaala kay Gob. Luis Ferrer gayundin ang mga sangay nito ay kulang na kulang sa upuan para magamit ng mga kabataang mag-aaral.

DAHIL DITO' iminungkahi ni Kag. Felix A. Grepo na pinangalawahan ni Kag. Luis A. Ferrer IV, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na hilingin sa Kgg. na Senador, Raul Roco na mapagkalooban ng upuang pampaaralan ang Mataas na Paaralan Pang-alaala kay Gob. Luis Ferrer.

PAGTIBAYIN PA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. na Senador Raul Roco para sa kanyang kabatiran at pagpapasiya.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

## KAPASIYAHANG BLG. 93-96

SAPAGKA'T, mapapansin natin na ang mga traysikel na karaniwang sinasakyan ay punong-puno at nagsisiksikan ang mga batang mag-aaral sa pagpasok at pag-uwi mula sa paaralan;

SAPAGKA'T, ang pagpapatakbo ng mabilis ng mga traysikel ay hindi alintana ang panganib na nakaumang sa buhay ng mga batang mag-aaral kung ito ay mabangga, tumaob o mahulog sa kanal.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Amelia P. Madrona na pinangalawahan ni Kag. Vivien L. Lujero na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang ordenansa na nagsasaayos ng operasyon ng traysikel sa Heneral Trias, Kabite at pagtatakda ng parusa sa lalabag nito, at mababasa tulad ng sumusunod:

## KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 6-96

ISANG ORDENANSA NA NAGSASA-AYOS NG OPERASYON NG TRICYCLE SA HENERAL TRIAS AT PAGTATAKDA NG PARUSA SA LALABAG NITO.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

Pangkat 1. - Ang mga tricycle driver na nagsasakay ng higit pa sa kanilang kapasidad ay nararapat lamang na sumunod sa tamang bilang kamang ng pasahero ang dapat sakay ng behikulo, batay sa alituntuning pinaiiral ng LTO.

Pangkat 2. - Ang mga nagmamaneho ng tricycle ay nararapat lamang nasa wastong gulang at may legal na lisensiya sa pagdadala ng sasakyan.

DANILO D. ALCARAZ
BAYANI B. PARIN
RODOLFO P. SATSATIN
AMELIA P. MADRONA
ABELARDO S. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO
FELIX A. GREPO
LUIS A. FERRER IV
ARTURO P. TACOS

Pangkat 3. - Ang sinumang lumabag sa Pangkat 1 at 2 ay papatawan ng kaparusahan, tulad ng mga sumusunod:

UNANG PAGLABAG - Patawag o summon at paglelektyur ng Punong Trapiko sa Tanggapan ng Pambayang Pulisya.

IKALAWANG PAGLABAG - Pagmumulta ng halagang Isang Daang (₱100.00) Piso.

IKATLONG PAGLABAG - Pagmumulta ng halagang Dalawang Daang (₱200.00) Piso at pagkumpiska ng lisensiya sa loob ng tatlong (3) araw.

Pangkat 4. - Magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

FRANCISCO B. GREPO
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

LUIS A. FERRER IV
Kagawad/
Asst. Majority Floor Leader

FELIX A. GREPO
Kagawad

ABELARDO S. PARANI
Kagawad

RODOLFO P. SATSATIN
Kagawad

DANILO D. ALCARAZ
Kagawad

ARTURO P. TACOS
Kagawad/
Minority Floor Leader

BIENVENIDO M. CUSTODIO
Kagawad/
Majority Floor Leader

AMELIA P. MADRONA
Kagawad

BAYANI B. PARIN
Kagawad/
ABC President

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim, SB

PINAGTIBAY:

DENCITO P. CAMPAÑA
Punong Bayan

November 18, 1996
Date